

CHAPTER *One*

*O*f all the f*cked f*ckery of f*cking f*ck. Iyon ang ini-exclaim ng utak ni Jax pagkakita sa nag-iisang babaeng naka-blue dress sa corner table ng restaurant na iyon.

Gusto na niyang ura-uradang umalis, puntahan at awayin ang kanyang tiyahin. Sa dinami-dami ng babae sa Pilipinas, o kahit sa Metro Manila na lang, bakit ito pa ang blind date niya? At na naman?

Tatalikod na sana si Jax kung di lang noon naman lumingon ang dalaga at nakita siya. Kahit likas na tarant*do siya, nahiya siyang hayagang iwanan ito.

Tumaas muna ang kilay ng lukaret bago nanlaki ang mga mata nang ma-realize ang nangyayari.

Pagkatapos, nagsalubong ang mga kilay nito... at bumalandra sa paningin ang pinakakinaiinisan niyang hitsura: si Riri Tolentino habang masungit siyang pinagmamasdan.

Pinanatili niya ang supladong expression hanggang sa makalapit dito.

“I. Cant. Believe. It,” isa-isa nitong banggit sa mga salita. “With a luck like this, I’m gonna start believing that I betrayed my family in my previous life.”

In fairness, medyo naaliw siya sa ka-OA-yan ng babae. Mga twelve percent ganoon. He rolled his eyes. “I’ve probably betrayed my whole country then,” hindi papatalong sagot ni Jax.

Umirap ito, at nagpatuloy sa pagtataray. Mabuti na lang mababa lang ang volume ng mga boses nila, kung hindi, baka pinagtitinginan na sila ng mga tao sa kainang iyon. “Ano’ng ginagawa mo dito? Don’t tell me—”

“That is right, genius. Good deduction.” Walang anumang naupo siya sa katapat nitong upuan.

Bumuka ang bibig ni Riri. “This is a just dream,” inis na asik nito.

“Nah, this is more of a nightmare, I believe.” Ngumisi si Jax.

Mukhang natanggap na nito sa wakas ang katotohanan—gaano man iyon ka-nakakabuwisit—na siya ang blind date nito para sa gabing iyon.

Again.

For the third effing time.

“The hell!” Inilabas ng babae ang cellphone at nagpipindot doon. Iniiwas nito ang tingin sa kanya na para bang nai-stress sa hitsura niya.

Si Jax naman ay tumawag ng waiter at nag-order ng paborito niyang appetizer sa restaurant na iyon. Bahalang mamroblema si ‘Khalessi’ for all he cares.

Pinanood niya ang inis sa makinis nitong mukha. Hindi niya alam kung gaano ito katagal na nagpakaabala sa telepono. Kung nakailang missed calls kaya at ilang text messages, di niya alam. At medyo nakadama siya ng tuwa; at least di lang siya ang nabuwisit sa pangyayari.

Feeling ni Jax nasa loob sila ng isang prank video sa *YouTube*. Talaga ba? Pangatlong beses na silang na-blind date sa isa’t isa sa loob lang ng kulang walong buwan! At hindi iyon nakakatuwa dahil inis sila sa isa’t isa mula pa noong magkakilala sila two years ago.

“Buwisit.” Ibinaba nito ang telepono sa mesa, inirapan siya saka sumimsim ng juice mula sa

isang mataas na baso. “Bakit ba kasi ang hilig mong makipag-blind date?” mahinang asik nito mayamaya.

And he was suddenly reminded why he hated her guts. Sumobra ang tapang nito at nakakabuwisit ang tabas ng dila.

“Excuse me?” matigas ang boses na sagot ni Jax. “Do you think I’m the type of guy who’d do this in hopes that I’d find one *true love* in a way like this?” *True love, pwe!* gusto niyang idagdag. “Do I look desperate to have a girlfriend?”

Sa ibang pagkakataon, matatawa siya sa mga pinagsasabi niya. Sobrang defensive ng tunog niya, p*ta.

Lalong umasim ang expression ng kaharap. She looked better than most women he had met though, he would have to admit that. Kung hindi lang nakakainit ng ulo ang mga sinasabi nito, tatawagin niya itong attractive dahil iyon ang totoo. Maliit ang mukha nito, makinis, magaganda ang mata, matangos ang ilong, mapupula ang labi.

Pero iyon nga, panira ang ugali nito. Kaya rin siguro single at panay ang pakikipag-blind date. Wala itong ‘mabiktima’.

“FYI, hindi lang ako makahindi sa tiyahin ko

kaya ako sumusulpot sa blind dates na sinet up niya. Pero kung nalaman ko lang agad na ikaw pala lahat 'yung tatlong dates na iyon sa mga pagkakataong napilitan akong umoo, baka tumanggi na lang ako sukdulang itakwil ako ng sarili kong kapamilya," dagdag ni Jax. "You're the one who should stop doing this."

"FYI din, pangatlong beses ko pa lang din itong ginawa. The first one was arranged by my best friend, the next by my godmother, and this one by my neighbor. Hindi ko naman maintindihan kung bakit parang niloloko ako ng tadhana at ikaw lahat iyong tatlong iyon! Sa dinami-dami ng lalaki sa Earth, ikaw pa talaga." Kumuyom ang mga kamao nito at parang gusto na siyang sapakin sa sobrang inis.

Tumawa ang lalaki nang mahina, para lalong maasar ang kausap. "I guess this is what romantics call 'destiny.'" Puno ng sarkasmo ang tono niya.

Namula ang mga pisngi ni Riri at mukhang may sasabihin sana kung hindi lang dumating ang waiter dala ang order ni Jax.

"Naka-order ka na!" di-makapaniwalang anito.

"Aba siyempre, gutom na ako eh. Busy ka sa telepono mo, so di na kita inistorbo," parang walang anumang aniya habang pinapanood ang waiter

na ibaba ang chicken parmigiana with pasta sa mesa. Itinaas niya ang tingin sa kanyang ka-date saka binigyan ito ng namumuwisit na ngiti. “Saka feeling ko kasi magwo-walk out ka na kaya di na kita tinanong kung gusto mo rin bang kumain.”

Kulang na lang makita niya ang usok mula sa ilong ng babae. “Bastos ka talagang hudas ka,” asik nito. “Kaya ka siguro single dahil walang makatiyaga sa masama mong ugali.”

I'd say the same to you, crazy girl...

Nagkibit si Jax ng balikat habang naghihiwa ng manok. “Di naman talaga ako desperadong magka-girlfriend; tita ko lang ang nag-iisip na kailangan ko ng babae sa buhay ko.”

Tumango ito. “Tama! ’Wag ka nang mag-girlfriend ever kasi kawawa ang babaeng iyon kung sakali. Saka malamang wala din namang makakatiis na maka-date mo nang totohanan, sa ugali mong ’yan.” Sa gulat ni Jax, itinaas nito ang kamay para tumawag ng waiter. Mayamaya nag-o-order na ito ng kung anong dish.

“Oh. Di ka pa pala aalis?” walang anumang aniya habang nakatuon ang atensyon sa kinakain. “Akala ko magwo-walk out ka ulit gaya n’ung past two times.”

“Bakit ko naman gagawin iyon?” anito na biglang tila mas composed na ngayon. Medyo nagulat tuloy si Jax. “Sayang naman ang dinner. Masarap pa naman daw ang mushroom risotto dito. Saka ang lagay, ako lang ang mai-stress? Ma-stress ka din sa presensya ko buwisit ka.” Ngumiti ito nang matamis kabaligtaran ng asido sa mga salita nito.

Tumiim ang kanyang mga bagang. P*tang*na, mukhang ‘matira matibay’ ang title ng drama nila ngayong gabi.



Pre-med ang course na pinakuha ng nanay ni Jax sa kanya. Pero n’ung maka-graduate siya, noon naman naghiwalay ang mga magulang niya matapos madiskubre ng kanyang ama na may lalaki ang esposa nito. They each had their own families at this moment. Pero imbis na sumama sa isa sa mga ito, sa matandang dalagang tiyahin siya sumama.

Sa inis ni Jax sa mga magulang, hindi siya nagtuloy sa Medicine at sa halip ay nag-apply sa *Reliance Philippines* bilang sales agent. Sangkatutak na sermon ang natanggap niya mula sa ina—kesyo sinasayang niya ang edukasyon, talino’t potential dahil magbebenta lang pala siya ng insurance. Wala siyang pakialam doon.

Noong una, nagrebelde lang talaga siya kaya doon siya nagtrabaho pero nang tumagal, nagustuhan na rin niya iyon. Na-challenge siya. At unti-unti siyang tumaas sa ranks hanggang sa ngayon ay Branch Manager na nga siya.

Pero mula pa noong unang taon niya sa kompanya hanggang ngayong nasa panlimang taon, parati na lang niyang nakakalaban sa rankings ang isang 'Restituta Tolentino' na noong una ay inakala niyang 'institusyon' na sa kompanya dahil sa pangalan nitong parang galing sa baul noong 1527. He was surprised when he learned she was actually a young, beautiful woman who goes by the cute nickname 'Riri.' Pero hindi siya interesado sa ganda nito; mas curious siya dahil bali-balitang magaling daw itong saleswoman.

Ilang beses nangyari na pantay ang ranks nila at kailangang magbotohan ang mga board member ng kompanya para mamili kung sino ang tatanggap ng parangal sa mga year-end recognition programs nila. Salitan sila sa pagiging 'Sales Agent of the Year' hanggang sa 'Team Leader of the Year' hanggang sa 'Assistant Manager of the Year' hanggang sa 'Branch Manager of the Year.' Halos sabay rin sila kapag napo-promote.

Dahil likas na competitive si Jax, ginagawa niya talaga ang lahat para siya ang manalo ngayong taon lalo't matapos ma-mild stroke ang General Manager ng kompanya ay may mga speculations na magretire na ang lalaki at naghahanap na ang big bosses ng ipapalit dito. Siyempre siya dapat iyon. Ang kaso, malaking tinik sa lalamunan niya ang Restituta na ito. Mukhang iyon din ang goal ng babae kaya siguro hindi rin friendly ang trato sa kanya.

Tanggap naman niya ang healthy competition, pero hindi rin kasi niya gusto ang babaeng ito. Parating magkasalubong ang mga kilay nito kada makikita niya—na nangyayari lang kapag may malakihang event sa kompanya gaya ng year-end parties at special meetings sa head office. Basta hindi maganda ang impression na iniwan nito sa kanya.

O siguro totoo ngang galit ang magnanakaw sa kapwa niya magnanakaw. Sa kaso nila, galit ang mayabang at ambisyoso sa kapwa niya mayabang at ambisyoso.

Naputol ang pagbabalik-tanaw ni Jax nang ilahad ng babae ang palad sa kanya.

“Akin na,” anitong parang senyorita lang ang tono.

“Ha?”

“Akin na,” mas madiing ulit nito.

“What are you talking about, *Khalessi*?”

Umikot ang bilog ng mga mata ni Riri. Mukhang na-gets kung bakit niya ginamit ang nickname na iyon sarcastically. “Yung tickets para d’un sa play na panonoorin natin.”

Kumunot ang noo ni Jax. “At bakit mo hinihingi?”

“Kasi sayang naman kung di magagamit, maganda pa naman ang reviews d’yan. Tatawagan ko na lang ’yung friend ko na nakatira sa malapit para mapanood namin.”

“At bakit hindi magagamit?” balik niya.

Parang nalito ito, at binigyan siya ng pilit na ngiti. “Kasi tapos na tayong kumain at maghihiwalay na tayo? This is the end of our *date*, I believe.” Sumenyas ito ng quotation marks para sa salitang in-emphasize nito.

Pinunasan niya ng napkin ang bibig saka ipinatong iyon sa tabi ng kanyang pinggan. “Hindi mo ba naisip na baka gusto ko din ’tong panonoorin?”

“Eh?” gulat na react ng kaharap. “That’s Romance! Nanonood ka ng Romance?”

He snorted. “I watch anything. Anyway, I’m so sorry, pero sa akin ito ibinigay kaya ako ang gagamit.” Inilabas niya ang cellphone mula sa bulsa

at nag-scroll sa contacts list niya. *Nasa Bangkok si Owen. Hindi mahilig sa stage play si Miguel...*

Natigil si Jax nang magsalita ang babae. “Eh teka, dalawa naman ’yan ah. Ibigay mo na lang sa akin ’yung isa!” Tiningnan niya ito habang nakakunot ang noo. “Oy, binigay ’yan sa ’yo ng tita mo para gamitin natin. Ibig sabihin, para sa akin talaga ’yung isang ticket. Hand it to me now, kung hindi, sasabihin ko sa kapitbahay ko na kakilala ng tita mo kung ano ang nangyari ngayon para makarating sa kanya ang balita tungkol sa sama ng ugali ng pamangkin niya!”

Wow. May pag-blackmail pa itong nalalaman, sarap kutusan. Dinukot ni Jax ang wallet at initsa sa mesa ang isang ticket. Naglabas na rin siya ng pera para sa bill nila.

“Babayaran ko ’yung kinain ko,” ani Riri. Sa tono nito, parang handa itong magwelga kung tatanggi siya. At bakit naman niya iyon gagawin in the first place?

“Eh di bayaran mo. ’Yan ang share ko.” Inabot niya rito ang ilang dadaanin. “Mauuna na ako sa *Likha*. ’Bye, loony.” Hindi naghintay ng sagot na iniwan na niya ang babae.

Ayaw niya itong makasabay. Baka kasi may makakita pa sa kanila na kakilala habang papunta

sa theatre at mapag-isipan pa na nagde-date sila.

Well, medyo tama iyon, pero maliwanag naman sa isa't isa na hindi nila gustong ituloy pa ang date na iyon, so they might as well leave separately.

Dumerecho si Jax sa kanyang kotse pero natagalan siyang makalabas ng parking dahil sa four-wheel drive na nakaharang. Pinatawag pa ang may-ari niyon para maialis sa daraanan niya palabas.

Pagkalabas ng kotse niya sa parking lot, noon naman biglang bumagsak ang ulan. Nahagip ng tingin niya si Riri na naglabas ng payong. Pero imbis na gamitin, ibinigay nito iyon sa isang aleng may bitbit na baby. Pagkatapos, tumakbo ito pasilong sa bubong ng facial center na katabi ng restaurant na pinanggalingan nila. Mukhang magpapatila muna ito bago aalis.

Sinipat niya ang relong suot. Ilang minuto na lang at pasimula na iyong play. Kailangan na niyang umalis kung gusto niyang umabot sa umpisa.

At si Riri? Bahala ito sa sarili nito. Hindi niya problema kung ma-late man ang dalaga o tuluyang hindi na makapanood.

Wala siyang pakialam. Magkaaway sila. Wala siyang paki. Wala dapat siyang pakialam.

Nahampas niya ang manibela. Bakit ba hindi

niya kayang mangatawanan nang one hundred percent ang pagiging balasubas?

“P*tang ina,” nasambit ni Jax saka dinala ang sasakyan palapit sa dalaga. Bumusina siya at ibinaba ang bintana. “Oy, loony.” Tumingin ito, nakasimangot na natural lang dahil tinawag niya itong loka-loka. “Sumakay ka na.” Walang kaamor-amor ang boses niya; ipinahalatang napilitan lang.

“Okay lang ako. Magga-*Grab* na lang ako.”

Pinanliitan niya ito ng mga mata. “Wag ka nang maarte. Ako na’ng nag-aalok, sumakay ka na.”

“Hindi ako nag-iinarte, buwisit ka talaga kahit kailan.”

“Sasakay ka ba o bubuhatin pa kita pasakay rito?”

Humalukipkip si Riri. “Alam mo ikaw—”

Inalis niya ang seatbelt at binuksan ang pintong katabi. Lalabas na sana siya nang halos sumigaw ang babae.

“Don’t you dare! ’Wag mong gagawin ’yan, kakaratihin talaga kita!” Tumakbo na ito palapit sa sasakyan at mabilis na pumuwesto sa tabi niya.

Sa kung anong dahilan, naaliw siya sa babae. Pigil ang kanyang ngiti habang isinasara ang pinto sa side niya at pinaandar na ulit ang sasakyan.

“Seatbelt,” utos niya.

“Eto na po, Sir,” asik nito sabay irap.

Inabot niya rito ang box ng tissue mula sa dashboard. “Magpunas ka nga, mukha kang basang... aye-aye.”

Padabog na tinanggap ni Riri ang tissue. “Sorry for not complying to your standards, Sir, ah. Ang lakas naman kasi ng ulan sa labas, di ba? At aye-aye talaga, ano? Talagang ’yung panget pang hayop ang ginamit mong pang-compare.”

Hindi siya kumibo. Ang layo ng hitsura nito sa nabanggit na lemur, gusto lang niyang mang-inis of course.

On the contrary, she looked beautiful. The rain on her hair and face and blouse added some air of sexiness in her. Lalo pa dahil medyo bumakat ang mga dibdib nito sa nabasang blouse. Napansin niya tuloy ang magandang size at shape ng mga iyon.

Naiinis din kasi si Jax; sa kung anong dahilan, parang naawa siya rito na ewan nang makita niya itong nakasilong sa kapirasong bubong.

At bakit parang nag-iinit din ang mukha niya dahil sa matamis at mabining amoy nito na pumuno sa kotse niya at sa nostrils niya? It smelled of some expensive flowers, wine, and hot make-out sessions

under the setting sun.

Napamulagat siya sa sariling kaisipan. *What! S'nan galing iyon?*

“Saka salamat pala sa pananakot na gumawa ng eksena, napasakay tuloy ako dito,” patuloy ng babae.

Sa sulok ng mga mata ng lalaki nakita niyang matalim ang tingin sa kanya ni Riri habang gumagalaw ang maliliit at mapupulang labi na para bang bubulong-bulong.

“May sinasabi ka ba?” nambubuwisit na tanong niya habang nakatutok ang mga mata sa daan.

Akala niya, tatanggi ito pero... “Ganyan ka talaga eh ’no? Barumbado, tarantado?”

Nagkibit lang si Jax ng balikat. Daang beses niya na iyong narinig; wala nang epekto sa kanya.

“Naisip ko tuloy,” patuloy nito, “napakamalas ng sinumang magiging girlfriend mo. Siya na siguro ang pinakakawawang babae sa mundo kasi ikaw ang worst date na nakilala ko.”

Natawa si Jax nang kaunti kahit ayaw niya sana. “So? Sa traumang inabot ko sa ’yo, nung kang pumayag pa ulit akong ma-set up sa blind date ng kahit na sino.”

Lumakas ang boses ng kausap. “Trauma? Eh di wow. Ang ganda-ganda ko, ang sexy-sexy pa, tapos

matalino pa 'ko. Ang kapal mo namang sabihing traumatic ang maka-date ako.” Lumingon siya at eksakto namang inirapan siya ng babae. He was probably turning crazy because he found it cute. “Sarap na sarap ka pa nga sa kinain mo kanina, traumatic ka diyan! Kung di ko pa alam, gusto mo pa talaga akong makasama kaya ka nagpilit na sumabay ako sa 'yo papunta sa theater. Umamin ka na, may crush ka sa akin, ano? Kaya siguro mainit parati ang dugo mo sa akin kasi type mo 'ko. Ay, grab—”

Napatawa na si Jax; sarcastic nga lang. “I get it, loony. This is why you're single,” aniya pagkatapos. Eksaktong pula ang traffic light kaya sinamantala niya iyon para matingnan ang kausap. “Kaya pala ilang taon na, single ka pa din. Di lang Attitude Problem ang meron ka, Miss Tolentino. Medyo ilusyonada ka din.”

“Did... D-did you just call me l-loony?!”

Pinigil ng lalaki ang ngiti. “Yep. I did. I actually did a couple of times already. Di mo ba nadinig?”

Parang nag-apoy ang mga mata nitong nakatutok sa kanya. Hindi niya ma-explain na parang nabuhay ang dugo niya. Was he actually enjoying bantering with her?

CHAPTER *Two*

“*G*ood morning, S-Sir,” bati ng nakasalubong niyang dalawang sales agents sa head office nila sa Makati.

Nasa hallway sila at papunta siyang elevator.

Nginitian ni Jax ang mga ito. “Good morning. Ang bango ng kape ninyo, ah.”

Obvious ang gulat ng dalawa sa pagsagot niya.

“Ah, g-gusto n-ninyo po b-ba? P-puwede ko po kayong ikuha,” anang isa na halos magkabuhol-buhol ang dila sa kaba.

“Oh, hindi na. Nagkape na ako sa bahay. Sige, I’d better get going, have a good day!” Isa pang ngiti at iniwan na niya ang mga ito para tunguhin ang elevator.

Pero naringgan ni Jax ang paimpit na tili ng dalawa at ang mga bulungan.

“Sh*t, nginitian tayo!” sabi ng isa.

“Maiihi yata ako sa kilig! Ang guwapo naman ni Sir Jax! Sobrang manly, pati boses, macho!”

“Kaya nga! Ano kaya’ng nakain n’on? Bakit nakangiti? Parang may himala, hindi siya suplado ngayon—”

Medyo malayo na ang mga ito kaya hindi na niya naringgan ang iba, pero magsisinungaling si Jax kung hindi niya aaminin na naaliw siya sa narinig.

Smug siyang ngumiti. Well, alam naman talaga niyang guwapo siya, salamat sa genes ng mga magulang na namana niya—iyong mga mata at labi ng mama niya, ang matangos na ilong ng ama. Matangkad din siya, maganda ang built at posture. Hindi niya pinagkakakalat pero alam naman niyang isa iyon sa mga rason kaya magaling siyang magbenta. Minsan, sinasadya niyang gamitin ang kanyang magnetic charm. Pero alam din niyang intimidating siya at iyon ang madalas niyang gamitin para takutin ang mga taong under sa authority niya.

Alam din niya ang reputasyon niya sa kompanya. Alam niyang tinatawag siya ng mga ito na ‘Superman in Constant Bad Mood’ dahil sa kasungitan niya.

Pero ibang kaso ngayong araw.

Magaang ang pakiramdam ni Jax nang Lunes na iyon. Mula kaninang pagkagising ay nakangiti na siya at nagha-hum ng isang Tagalog love song na ewan kung saan niya narinig at naging LSS na niya.

Ang rason?

Nakatanggap siya nang nakaraang araw ng text message mula sa head office ukol sa meeting niya sa General Manager ng *Reliance Philippines* na si Clint Franco. He was sure tungkol ito sa promotion niya kaya sobrang saya ni Jax.

Kaya naman feeling generous siya sa mga sales agents at binigyan ang mga ito ng mas-bihira-pakaysa-sa-ulan-sa-Africa na ngiti niya.

Binigyan din niya niyon ang secretary ni Sir Clint pagkarating niya sa floor ng office nito. “Nandyan na si Sir?” he asked pleasantly.

Napakurap ang babae at hindi agad nakapagsalita. Powerful pala talaga ang ngiti niya, grabe. Hindi siya maka-decide kung mabuti ba na hindi niya iyon ginagamit kapag nagbebenta at iyong pa-mysterious at serious image ang madalas niyang gamitin.

“Tina?” tawag niya.

“Ah, Sir Jax! Ay opo, nandiyan na po si Sir Jax, Sir Clint. Ah, I mean... Sir Clint... nandyan na po.

Hinihintay na po nila kayo.”

Nilal? Natigilan siya. Nandoon din kaya ang presidente nila? P*ta, baka nga ipo-promote na siya!

Ramdam niyang gumaan ang kanyang pakiramdam, luminaw ang mga mata, at parang nagkulay-rosas ang paligid na halos naamoy niya na sa hangin ang bango niyon. And yep, he was too happy he'd turned cheesy.

Umalis ang sekretarya sa likod ng desk nito at iginiya siya palapit sa opisina ng boss nila. Nag-warning knock ito sa pinto.

“Yes?” narinig nilang sagot ni Sir Clint.

Iniaawang ng babae ang pinto. “Nandito na po si Sir Jax.”

“Oh. Good. Send him in.” Tunog na-excite ang boses ng boss.

Namumula ang mga pisngi ni Tina nang sulyapan siya. “P-pasok na po kayo, Sir.” Parang naglalampong na pusa ang pagkasabi nito.

Lumapad ang ngiti ni Jax. Tila lobong-lobo na ang ego niya. Seemed like he had found a new secret weapon. Hindi niya akalain na ganito ang puwedeng gawin ng ngiti niya sa mga tao. He meant, oo, sinabi na niyang alam niyang guwapo siya. Nagamit na niya iyon sa maraming pagkakataon sa mga kliyente nila.

Pero bakit nga ba hindi niya naisip dati na i-utilize itong natatagong friendly and more pleasing side niya?

Pero natuon na ang atensyon ni Jax sa nadatnan sa loob ng opisina. Hindi nag-iisa si Sir Clint doon. Naroon, nakaupo sa mahabang settee, naka-corporate skirt, blouse and blazer na siyang uniporme nito, may perfect na makeup at buhok— Si Riri Tolentino.

Nabura ang ngiti niya; kumunot ang noo.

*What the actual f*ck is this woman doing here?*
sigaw ng isip niya.

Naalala tuloy niya iyong mga nangyari noong Biyernes ng gabi...

Hindi naman ito nag-walk out kahit matapos niyang sabihang ilusyonada. Palaban talaga ang loka-loka eh.

Nakarating sila sa theatre at kahit magkatabi hindi sila masyadong nag-uusap. Paminsan-minsan ay napapatawa ito nang malakas pero kapag napatingin sa kanya ay tumatalim ang mga mata at nang-iirap. Pero sa bandang dulo, sa pagtatapos ng play, nahuli niya itong nagpapahid ng luha sa gilid ng mga mata gamit ang hintuturo. He found it funny so he laughed. Ayun, nakatanggap siya ng sapok sa

braso. Hindi naman masakit.

Nang pauwi na, hindi rin alam ni Jax kung bakit inalok niya ito na isasabay na lang. Siguro dahil medyo maulan pa rin at alam niyang pinamigay ni Riri ang payong nito at wala itong gagamitin.

Pero akalain ba niya, tinanggihan siya! Inirapan pa siya saka ito naunang naglakad.

Nagsalubong ang mga kilay niya at hinabol ang dalaga.

“Kasali ba sa masasamang ugali mo ’yung pagiging ingrate?” untag niya.

“Ingrate? Ingrata lang, in-English pa. Arte,” bulong nito. “Fine, salamat.” Humarap ito at binigyan siya ng pekeng ngiti. “Now, goodbye. ’Wag na tayong magkita ulit please.”

Those were her final words before she left him. But at present, here they were.

To be fair, mukhang nalito at nagulat din ang babae pagkakita sa kanya.

“Good morning, Ajax,” anang boss niya na ugaling ipangalandakan ang fullname niya na hate na hate niya dahil sa mythological hero man iyon hinango, tunog-lumang brand pa rin ng detergent soap. Pero dahil superior niya ito, siyempre hindi siya makareklamo. “You’re looking good as usual.”

Hindi niya napansin ang compliment ng general manager dahil nakatuon ang pansin niya sa babaeng kasama nila sa kuwarto.

“May I know what this is about?” mababa niyang tanong. *Please don't you effing tell me dalawa kaming maghahati sa posisyong pinaghirapan kong makuha?*

“Grab a seat, let's start early para makabalik din kayo agad sa respective branches ninyo.” Sumeryoso ang mukha ng kausap. “Jax and Riri, you two are the best branch managers in this company, to tell you honestly. Your respective branches are doing exceptional...” Huminto ito sandali at gusto na niyang sumigaw sa sobrang tension dahil sa pasuspense na pagsasalita ng boss nila. “But some branches aren't doing that well. That is why the higher ups decided to ask for your help.”

Hindi man sinasadya, nagtagpo ang mga paningin nila ng babae. There was confusion—and was that dread?—in Riri's eyes. Which was most probably a reflection of what's in his very own eyes.



“Bossing!” malakas na sabi ni Rodell pagkakita sa kanya na pumasok ng manager's office ng branch nila.

Ni hindi niya ito nilingon at dumerecho lang sa

desk niya. “This is not the right time para kulitin mo ako, please leave me alone.”

“Woah, extra sungit day? Bakit, ano nangyari sa meeting mo with the GM?” anito na parang di apektado.

Pinaningkitan niya ito ng mga mata. “I don’t want to talk right now.”

“Hindi ka pa ipo-promote? Tinanggal ka ba? Na-D.A.?” Naupo pa ito sa harap ng desk niya.

Napahilamos si Jax sa mukha. Wala talagang tatalo sa kulit nitong isang ito na self-appointed bestfriend niya.

Matanda lang ng limang taon sa kanya si Rodel at isa sa pinakamatatagal nang empleyado sa *Reliance*, pero parang huminto na ang progreso nito sa career. Maglilimang taon na yata itong assistant manager, naging superior pa nga niya for years hanggang sa naungusan na nga niya.

Sa totoo lang, nanghihinayang siya rito. Parang wala kasi itong ambisyon at masaya na sa buhay na paganun-ganun lang, walang progreso.

For some reason, masyado ring malaki ang paghanga nito sa kanya. He meant, oo, kahanga-hanga naman talaga siya, alam niya iyon. Hindi lang siya guwapo at matalino, magaling talaga siya

sa trabahong pinili niya. Pero iyong tingin kasi ni Rodel sa kanya, kaunti na lang nasa level na ng idol worship. Masarap sa ego na may ganoong nag-a-admire sa kanya, pero minsan, nakakaalibadbad din. Para kasi itong clingy na tuta na sunud-sunod sa kanya. Mabuti sana kung cute ito gaya ng tuta.

Pero sobrang loyal ng lalaki sa kanya, iyon ang sigurado siya. Isa pa, kailangan din naman niya ng outlet ng buwisit niya at magiging ‘honored’ pa ang lalaking ito kapag tinatrato niya na para ngang BFF niya talaga ito.

“Ililipat nila ako sa Bacolod branch two weeks from now.”

Nanlaki ang mga mata ni Rodel. “Ha? Bakit?”

“Ang laki na raw kasi ng lugi sa branch na iyon at kailangan nila ako para maging consultant ng managers doon. Mag-o-observe ako d’un for one month, magte-train... basically, do everything I can to help save the branch.”

This was a lot worse than the worst that he had expected actually. Ayon sa general manager nila, malaki ang lugi ng kompanya sa Bacolod branch kaya dalawa silang ia-assign doon para tulungan iyon na makasabay sa ibang branches. They would do consultations and trainings there.

Marami silang tanong: Paano ang sarili nilang mga branch? Bakit kailangang dalawa pa silang ipapadala doon? Bakit si Riri pa, bakit hindi na lang namili sa lima pang ibang branch managers?

Pero sinagot iyon lahat ng boss nila. Na may kasama pa ngang compliment, kahit pa pakiramdam ni Jax pambobola lang iyon para huwag na silang tumanggi.

“Oh. Eh paano naman kami?” napalabing tanong ni Rodel. Minsan talaga para itong five-year-old na napasok sa katawan ng thirty-four-year-old man.

“Kayo-kayo muna nina Giselle ang bahala dito,” tukoy niya sa isa pang assistant manager. “Tuturuan ko rin kayo nang kaunti bago ako umalis. And I think kaya n’yo naman na dito. Lalo ka na, institusyon ka na dito, I don’t think mahihirapan ka na magtrabaho nang walang nakabantay sa ’yo.”

Ngumiti si Rodel, na-flatter malamang. Pero agad din itong sumeryoso. “Eh gan’un naman pala, Boss. Eh bakit ka problemado? Kinakabahan ka sa magiging bago mong work environment?”

He had experienced being transferred to other teams and mini-teams, pero hindi pa ang mailipat sa ibang branch ever. Dito lang siya sa Quezon City mula pa noong na-hire siya many years ago. Sure,

maninibago nga siya pero hindi iyon ang nagpapa-stress sa kanya.

Napabuga siya ng hangin. “Dalawa kaming branch managers na ipapadala doon at tutulong sa Bacolod branch.”

‘Two heads are better than one’ daw kasi.

“Sino’ng makakasama...” Nakabuka ang bibig na napahinto ang kausap; mukhang nagkaideya na. “Siya? Si *Inang Reyna* ng Pasig Branch?” Hindi tunog sarcastic pag binabanggit iyon ni Rodel, di gaya ng pagbanggit niya.

Napahilamos uli si Jax sa mukha. “Unfortunately.”

Iyon ang pinakamalaking objection niya, sa totoo lang. Pero ang sabi ni Sir Clint, sila raw dalawa ang pinakamagagaling na managers sa buong kumpanya, bukod pa sa nagko-complement daw kasi ang abilities nila; iyong weakness noong isa ay strength noong isa, and vice versa. Mas magiging effective daw kung magkasama sila.

Those things and other bullsh*t explanations na ikinainit lang ng ulo niya.

“So you’re saying, kayo na thrice na nai-blind date sa isa’t isa at magkakompetensyang mortal, ay mapipilitang magtrabaho nang magkasama sa isang branch? As in araw-araw kayong magkikita?”

Gusto niyang sabunutan ang sarili pero ikinuyom na lang niya ang mga kamay. “At dahil malayo ang Bacolod, para mapadali ang buhay namin doon, binigyan kami ng free bachelor pads ng *Reliance* sa isang apartment complex malapit sa branch. And guess what? Magkatabi kami ng pad.”

Kuminang ang mga mata ni Rodel. “Wow, pucha, ang gandang plot twist nito ah.”

Sinimangutan niya ang kausap. “Walang nakakatuwa, ’wag kang ngumiti diyan, g*go ka.”

“Pero, Boss, ang ganda-ganda ni *Inang Reyna*, ang kinis at ang sexy. Ang dami ngang may crush d’un! Hindi ka ba nae-excite na makikita’t makakasama mo siya araw-araw?”

“Magbabangayan lang kami araw-araw, walang nakaka-excite doon. At this rate, baka nga magka-high blood pressure pa ako.”

Ngumisi ito nang malisyoso. “Ligawan mo na lang, Boss. Baka bumait kapag na-in love sa ’yo.”

It was incredulous. “P*ta, tigil-tigilan mo nga’ng kanonood ng telenovela, Rodel. Doon ka na sa labas at tingnan mo’ng mga tao mo.”

Tumawa lang ang lalaki. Sanay na ito sa bibig niya kaya di na nao-offend. Tumayo ito at lumapit sa pinto ng kanyang opisina. “Pag-iisipan ko na, Boss,

kung ano magiging love team name n'yo.”

“Tarant*do.”

Binato niya ito ng ballpen pero hindi ito tinamaan dahil mabilis itong nakalabas ng pinto.

Mayamaya, naiwan siyang mag-isa sa tahimik na opisina, nag-iisip nang maige kung ano ang gagawin sa magiging sitwasyon niya ilang linggo mula ngayon.

CHAPTER *Three*

“Bakit di ka tumanggi?” untag ni Riri habang magkasama silang nagbibiyaha patungo sa pinakamalayong branch ng *Reliance*, sa Bacolod—which employees like to call ‘bukid’ branch—para sa pauna nilang pagbisita roon bago sila magsimula ng trabaho nang tuluyan bukas.

Dalawang linggo na mula noong huli silang nagkita sa opisina ni Sir Clint at bukas ang simula ng one-month assignment nila.

Magkatabi sila sa backseat habang nasa unahan ang company driver na sumundo sa kanila sa airport.

His scowl got worse. “As if may ibang option.”

Kung puwede nga lang, kung may choice lang, tatanggi talaga si Jax.

Dalawang linggo pagkatapos ng meeting na iyon, heto sila, iniwan sa mga assistants ang kanilang respective branches, papunta na sa magiging bago nilang opisina.

Narinig ni Jax na nag-snort ang katabi kaya nilingon niya ito. “What?” pasupladong tanong niya. “If you’re thinking na ginusto ko ’to—”

“Iniisip ko lang na ang konyo mo,” putol ni Riri sabay paikot ng mga mata.

Kinunotan niya ang babae ng noo. “Wag mo ’kong kausapin kung di mo type ang pagsasalita ko.”

Tumawa ito nang mahina, saka bumulong pero medyo may narinig din naman siyang kaunti. “Di ko maintindihan kung bakit... may crush sa ’yo. Sama... ugali...”

“What?” Medyo nilakasan ni Jax ang boses.

“Wala!” singhal nito. “Natatawa lang ako kasi Ajax pala ang buo mong pangalan. Buti hindi *Mr. Clean*.”

Tapos, bigla nga itong humalakhak nang malakas. Iyong tipong maririnig sa kasunod nilang kotse kung nagkataong bukas ang mga bintana nila.

Nairita ang tainga ni Jax, lalo pa ang ego niya. How dare her para pagtawanan ang pangalan niya!

“Akala mo naman kagandahan ang pangalan mo,

Restituta,” ganti niya.

“H-hoy.” Iyon lang ang nasabi nito.

Hindi na niya napigilan; napahalakhak siya. He should give it to her though. Hindi siya madaling patawanin, lalo ang pahalakhakin nang ganoon.

Natahimik naman ang katabi niya. Nang sulyapan ni Jax, nahuli niya itong nakatitig sa kanya. Nang angatan niya ng kilay, nag-iwas ng mata ang babae. At tama ba iyong nakita niya, namumula ang mga pisngi nito?

Pero bakit naman ito magba-blush bigla? Dahil lang biniro niya ang pangalan nito? Pinakiramdaman niya kung mainit ba. Hindi naman.

Tumikhim ito bago nagsalita, “Anyway, nag-iisip lang ako kung ano ang mga posibleng problema sa Bacolod.”

Derecho ang tingin sa daan, sinabi ni Jax, “You mean hindi ka man lang nagbasa ng reports nila this past week?”

Pinandilatan siya ng babae. “Aanhin ko naman ’yung mga numerong iyon? Mas gusto kong makita nang harapan kung ano ang problema. Saka busy ako sa pagtuturo at pagde-delegate ng mga responsibilities sa mga AMs na iiwan ko.”

Umiling si Jax. Tingin niya, tamad lang itong

mag-aral pero hindi na niya binanggit. Baka magkagiyera pa kung magkataon.

“Well, I did read the reports and I’ve come up with a strategic plan para ma-improve ’yung stats nila.”

Parang wala itong narinig. “I’m going to observe them today; talk to some of the SAs maybe.”

“Pero you should come up with a plan, too. Mahirap ’yung wala tayong goal.”

“Iyon lang muna ang gagawin ko the whole day today, ang mag-observe.”

Napahinto si Jax. Parang ngayon pa lang, lumalabas na ang pagkakaiba nila pagdating sa leadership and management styles. Malamang magkaproblema sila.

“Hindi pala nabanggit ni Sir Clint kung sino’ng mas superior sa ating dalawa sa assignment na ito,” aniya.

Nagkibit ito ng balikat. “I think we’re equal. Malinaw iyong sinabi ni Sir. We’re both consultants here. Pero baka nga malito tayo at ang mga tao doon kung ganoon. Hindi natin alam kung nakanino ang final say.”

Parang mahirap iyon, sa tingin ni Jax. Lalo pa at pareho silang ma-pride at matigas ang ulo, at

matagal nang panay ang clash ng personalities nila. Pero bahala na muna. Saka niya na iyon iisipin.

Ini-enjoy niya ang katahimikan sa pagitan nila (na sa totoo lang ay mas gusto niya kaysa kailanganin pa niyang kausapin ito) nang biglang nag-ring ang kanyang telepono.

Iyon ang ringtone na naka-assign sa kanyang tiyahin kaya agad niyang dinukot ang cellphone at sinagot ang tawag.

“Hello, Tita,” ani Jax.

“O, ano, nandiyan ka na? Kumusta ang biyahe? Di ba matrapik o baha? Ang s’abi sa balita, may tropical depression daw diyan.”

“Okay naman po. Medyo maulan pero parang di naman malakas. Wala ring baha, pero siyempre may trapik. But everything’s fine. Ikaw po ba uminom na ng gamot mo?”

“I did. Kanina pa po, *doc*,” natatawang anito. “Dinala mo ba ’yung magic coffee na pinapadala ko sa ’yo?”

Napakamot si Jax sa ulo. Ang kapeng iyon ay isa lang sa mga bagay na kailangan niyang tanggapin kahit ayaw niya, dahil lang ayaw niyang pasakitan ang tiyahin. “Dala ko po.”

“Inumin mo ’yan, makakabuti ’yan sa digestion

mo. Saka may antioxidants iyan saka...”

Naglitanya na ito ng kung anu-anong benepisyo ng nasabing mahiwagang kape kaya hindi na siya kumibo.

“Okay po,” sagot lang ng lalaki.

“Oo nga pala, tumawag sa landline si Miss Sanchez kanina. Pakisagot naman daw ’yung mga tawag niya sa ’yo.”

Pumikit siya at pinilit ang sarili na hindi magtaas ng boses. “Please tell her to leave me alone. Or better yet, i-block mo na lang ’yung number niya.”

“Jax, anak. It’s been three years, di mo ba kayang patawarin ang—”

Inilayo niya sa tainga ang phone para hindi marinig ang iba pa nitong sasabihin. Pagod na siya sa usapang iyon, ayaw na niyang marinig ulit kahit kailan.

“Ah, Tita, I have to hang up na. Malapit na kami sa office eh,” sabi niya mayamaya.

Bumuntong-hininga ito. “Gan’un ba? Basta tandaan mo’ng mga sinabi ko, ah.”

“Yep,” sagot lang niya kahit hindi naman niya narinig kung ano ang mga iyon.

“O sige, tawagan mo ulit ako mamayang gabi bago ka matulog. ’Bye ’bye, Jack-Jack. ’Love you.”

Napangiwi siya sa pet name na iyon pero hindi umalma. “Bye, Tita. ’Love you.”

“Hanap ka na diyan ng forever mo ah.”

Napakamot siya sa kilay. His aunt had always been supportive and an active advocate of him finding true love. It was her life mission daw.

Her aunt lost her one great love dahil daw nagpadala ito noon sa takot at pride. So ngayon, wala itong ginawa kundi payuhan siya na huwag magpatumpik-tumpik sa pag-ibig. Malungkot daw tumandang mag-isa.

“Mwah, mwah, tsup, tsup!” huling sinabi nito na ikinangiti niya.

Nakangiti pa si Jax nang matapos ibalik sa bulsa ang telepono pero napawi iyon nang mapansin ang kislap ng amusement at ang pigil na ngiti ng katabi. Pinagtatawanan ba siya ni Riri? Dahil sweet siya sa tiyahin niya?

“What’s your problem?” masungit niyang tanong.

Kunwaring inosente na kumurap ito. “Huh?”

Umirap siya at hindi na kumibo.

Hindi nagtagal ay dumating sila sa *Reliance* Bacolod Branch na nasa pusod ng ‘kagubatan.’

“Ihahatid ko na po sa apartment ’yon pong mga

gamit ninyo,” anang driver sa kanila.

“Salamat po nang madami,” sagot niya.

“Thank you po, Mang Odoy.” Nginitian ito ni Riri at hindi alam ni Jax kung bakit parang may kung anong sensasyon siyang naramdaman sa tiyan niya nang makita iyon.

Her smile made her features softer, her face more radiant.

Hindi niya iyon pinansin at nagpatiuna nang pumasok sa building. Sinalubong sila ng current branch manager na ayon sa impormasyon ay si Simon Cruz.

“Good morning, Ma’am Tolentino and Sir Del Corro. Welcome to *Reliance Bacolod*.”

“Good morning,” pormal na tugon niya sabay kamay sa lalaki.

Iba naman ang sagot ng kasama niya. “Sus, sobrang proper naman nito,” nakangiti nang malawak sabi nito sa lalaki. “Call me Riri.”

Napangiti ang branch manager, parang nakahinga nang maluwag. “Hi, Miss Riri.”

“Just ‘Riri’ is fine. Magkakatrabaho naman tayo, eh. Can I call you by your first name?”

Lalong lumapad ang ngiti ng Bacolod branch manager. “Of course. By all means, yes. Please Simon

na lang.”

Nagkamay ang dalawa at hindi alam ni Jax pero feeling niya ay masyado iyong matagal. Hindi niya alam kung bakit siya naiirita dahil doon.

“We prepared a small lunch for you. K’ain muna kayo bago ko kayo i-tour,” sabi pa ng lalaki bago sila iginiya sa hallway patungong pantry.

Bago makarating doon, napadaan sila sa selling area kung saan madaming mesa ang nakaayos at may mangilan-ngilan nang sales agents ang nakikipag-usap sa mga kliyente. Pareho ang layout sa branch niya sa Quezon City, pero hamak na mas malaki ang pinanggalingan niya. Halos times three nito iyong sa branch niya. Mas matao rin doon kaysa rito.

Sa ganitong oras, karaniwang puno na ang selling area nila ng kliyente at nasa cincuentang mesa ang naroon. Dito, lima lang ang nakita niyang sales agent na may kliyente. May pagkakataon pa nga raw na isang buong araw na hindi mabibigyan ng kliyente ang isang agent dahil nga sobrang konting tao ang nagpupunta sa branch na ito.

Ano kaya ang pinagkakaabalahan ng ibang SAs kapag wala silang kliyente? Ano kaya ang puwede nilang gawing strategy para maging puntahin ng tao ang branch na ito?

Nangunot ang noo ni Jax nang makita ang isang sales agent na nagdi-discuss nang walang excitement sa boses at hitsura. Para lang itong nagre-recite ng kinabisa na nitong spiel sa kliyanteng halatang nabo-bore at hindi interesado. Siguradong di ito mabebentahan.

Okay, so clearly, that's one of the reasons kung bakit hindi makabenta ang agents sa branch na ito.

Mag-iikot pa sana siya kung hindi lang inabot ni Riri ang braso niya at hinila siya. Nilingon niya ang babae.

“Mag-lunch ka muna,” anito. Tatanggi sana siya at magrarason pero bumulong ang babae, “Nakakahiya naman kung hindi tayo kakain. Pinaghanda pa nila tayo, o! 'Wag ka nang maarte.”

Binigyan niya ito ng matalim na tingin pero nagpahila na rin.

Malawak ang pantry roon at sa isang panig ay nakahain ang buffet table. Kanin, kare-kare, steamed lapu-lapu, hilabos na hipon, sinigang na bangus, crispy pata, pinakbet, at mga hiniwang mangga bilang desert. Kumuha lang siya ng kaunting gulay, kapiirasong lapu-lapu at isang pisngi ng manga at naupo na sa kanilang mesa.

“Diet ka?” tanong ni Riri sa kanya pagkakita sa

laman ng pinggan niya. Kabaligtaran iyon ng plato nito na puno ng lahat ng klase ng pagkaing inihain at may extra mangkok pa para sa sinigang.

Walang ekspresyon na tiningnan lang niya ito kahit gusto niyang sagutin na wala itong pakialam sa food choices niya.

“Napansin ko, hindi ka masyadong mahilig kumain. N’ung nag-date tayo, hindi mo rin naubos ’yung inorder mo.”

Hindi niya alam na inoobserbahan pala siya ng babae noon.

“Sobrang stressful ng trabaho natin kaya dapat dinadagdagan mo kahit kaunti ang pagkain mo.”

Nagsalubong na ang mga kilay ni Jax. “Pinapakialaman ko ba ang kinakain mo?” matabang niyang tanong.

Natigilan ang kaharap bago nagka-tinge ng pula ang mga pisngi. “Ang sama talaga ng ugali mo. Ikaw na nga ’tong—”

“Kumusta ang food?” Biglang sumulpot si Simon sa likuran ni Riri kaya hindi na naituloy ng dalaga ang pang-iinsulto sana sa kanya.

Ngumiti ito sa branch manager ng Bacolod. “Masarap. So far, ang pinakagusto ko ’yung crispy pata.”

Malapad ang ngiti ng lalaki nang makiupo sa mesa nila, sa tabi ni Riri. “Oh? Inorder lang namin ’yan sa...”

Dinukot ni Jax ang cellphone mula sa bulsa at nag-check ng notifications. Wala naman siyang inaantay na tawag o text message, gusto lang niyang ma-distract. Nabo-bore siya sa mga ganitong chit chat. At hindi rin siya interesado sa tindahan ng pinakamasarap na pagkaing puno ng cholesterol.

Sa mga sumunod na minuto, nagtanghalian sila kasama ang manager at tatlong assistant managers ng branch. Tahimik niyang inobserbahan ang mga ito habang kumakain at nagkikilanlanan.

Pakiramdam ni Jax ay nagka-indigestion siya dahil sa nakikita. Hindi siya makapaniwala na nakikipagbiruan na si Riri sa mga tao roon na para bang twenty years na silang magkakilala at hindi twenty minutes.

“Ikaw, Boss Jax, may girlfriend ka na?” untag sa kanya ng isang assistant manager. Maingay ito, malakas magsalita at hindi yata umabot sa balikat niya ang height. Hindi niya maalala pero nagsisimula sa letter A ang pangalan nito.

Binalingan niya ito, sinigurong pokerface ang facial expression. “And that concerns you

because...?”

Namutla si A. Natahimik din ang lahat sa loob ng kung ilang sandali.

“Hay naku, Amaranth. I’m sure nahulaan mo na ang sagot sa tanong mo,” ani Riri sabay tawa nang malakas. Nahawa ang ibang kasama nila sa mesa, pati iyong nagtanong.

Na-gets niya ang sinabi ng babae pero wala siyang panahong patulan iyon sa ngayon. Marami siyang mas importanteng bagay na kailangang harapin.

Nagpahid siya ng bibig gamit ang tissue saka walang humor na ngumiti. “Mauuna na ako sa inyo sa selling area.”

“Breaktime pa naman, Boss,” tangkang pigil ni Simon na yumuko sa suot na relo. “May fifteen minutes pa tayo.”

“I don’t think I have the luxury to slack. May sales quota na kailangang habulin, isang branch na kailangang pigilang magsara, mga empleyadong nanganganib mawalan ng trabaho so...” Nagkibit siya ng balikat. “Salamat sa lunch.”

Tumayo siya at walang lingon na lumabas ng pantry. Pero bago tuluyang makalayo, naringgan niya ang usapan ng kanyang mga iniwan.

“Totoo pala ang tsismis. Ang suplado nga ni Boss Jax,” mahinang sabi ng isa.

“Oo nga, eh, nalusaw tuloy iyong kilig ko kanina sa kaguwapuhan niya.”

“May point naman siya though. Tara na nga, tapusin n’yo na ’yang pagkain n’yo para makatrabaho na tayo.”

“Ito kasi, nagtanong ka pa kasi nang gan’un eh.”

“Curious lang naman ako—”

Nilakihan niya ang mga hakbang at tinungo ang restroom para makapag-toothbrush muna bago puntahan ang selling area.



Inihinto ni Jax ang pagbabasa at ibinaba ang tablet nang marinig niya ang ringtone ng cellphone niya.

Gabi na. Naroon siya sa bahay na pagamit ng kanilang kompanya at nagpapaantok.

Maayos naman ang bachelor’s pad na provided para sa kanila ng *Reliance*. Walong minutong biyahe lang iyon mula sa opisina. At nasa second floor ng isang six-storey building. Maliit lang ang bahay, at sama-sama na sa pad ang kama sa isang sulok, isang sofa at center table, maliit na kusina at counter table na kainan, plus sariling banyo. May

kapirasong balcony rin sa labas sa hallway. Kita roon ang siyudad ng Bacolod.

Sinilip ni Jax ang phone screen; number lang ang naroon. Kumunot ang kanyang noo. Pero naisip niyang baka isa sa mga bago niyang katrabaho ang tumatawag kaya sinagot na rin niya.

“Hello?” bati ng lalaki.

“Jax! Oh my God, thank you for answering my call—”

Agad uminit ang kanyang ulo nang makilala ang boses. Si Miss Sanchez na naman. Ang kulit talaga nito. “I’m sorry, I have to go, Ma’am.”

“No, no, no! Please, Jax! Huwag mo namang ibaba agad!” Naroon ang panic at desperasyon ng ginang at nagpahinuhod siya nang kaunti.

“Tell me what you want to say.”

“Thank you.” Dinig niya ang pagbuga nito ng hangin bago nagpatuloy, “She wants to see you.”

Pumikit siya nang ilang sandali; nagpipigil na magtaas ng tinig. Hindi ang babaeng nasa kabilang linya ang may kasalanan sa kanya; kawawa naman kung ito pagbubuntunan niya ng galit at frustration. Kahit likas siyang tarant*do, may mga bagay na hindi niya maatim gawin. Baka nga may konsensya pa siya, madalas lang na hindi gumagana.

“I’ll think about it,” sabi na lang ni Jax para matapos na ang conversation na iyon.

“Please do, anak, please.” Rinig na niya ang paghikbi ng nasa kabilang linya.

Naantig si Jax sa kausap pero ayaw niyang magpadala.

“Sige ho, medyo busy ho ako.” Matabang pa rin ang tono niya, pero iyon na ang rurok ng ‘kabaitan’ na kaya niyang i-conjure.

“Okay. Please contact me kapag ready ka nang harapin si—”

“Okay po. I have to go, Ma’am. ’Bye.”

“Ah, okay.” Bumuntong-hininga ito ulit. “Goodbye.” Pinutol na nito ang tawag pagkatapos.

Napabuntong-hininga si Jax bago ibinaba ang cellphone sa mesa. Kung minsan napapaisip siya kung paanong ang isang kasing-bait ni Miss Sanchez ay nakakapagtiyaga sa taong iyon na isang...

Ayaw na niyang isipin ang taong iyon at baka tuluyang masira ang gabi niya. Kaya dinampot niya muli ang kanyang tablet at muling nagbasa ng mga news articles.

Ugali na niya iyon. Nagagamit niya ang mga nababasa para makapag-build ng common ground sa kanyang mga nagiging kliyente. Advantage

ang pagiging maalam sa maraming bagay dahil nakakapag-iwan iyon magandang impression sa mga nakikilala niya.

“I had so much fun. It was really nice meeting you,” narinig ni Jax na sabi ng isang boses lalaki mula sa katabi niyang pad.

Ibinaba niya ulit ang hawak na tablet kung saan siya nagbabasa ng balita saka sumilip sa peephole.

“Thank you ulit sa paghatid. See you tomorrow sa office.” Nakilala na niya ang pamilyar na mga boses bago nakita si Riri na nakatayo sa tapat ng katabi niyang pinto, kausap ang isang lalaki na hula niya ay si Simon na branch manager na nakilala nila kanina.

Dinampot niya ulit ang tablet at tiningnan ang oras doon. Mag-aalas diez na. Halos limang oras na ang nakalipas mula kaninang nag-uwian sila mula sa opisina. At ngayon pa lang maghihiwalay ang dalawang ito?

Wala naman siyang pakialam sa buhay ng dalawa, sa totoo lang. Hindi apektado si Jax kung magkagustuhan man ang mga ito. Medyo nabibilisan lang siya dahil, hello, kaninang umaga lang nagkakilala ang dalawa, tapos magliligawan na yata agad!

Bakit ba siya naiinis? Bakit feeling niya defensive itong mga pagpapaliwanag niya sa sarili?

Sabagay, ang concern niya lang naman talaga ay ang trabaho nila. May maaga silang meeting bukas nang umaga. Hindi ba naghahanda ang mga ito para doon? Grabe naman, sobrang lax talaga ng mga empleyadong ito. At iyon ang klase ng co-workers na pinaka-hate niya, iyong mga may *tamaditis*.

Biglang binuksan ni Jax ang pinto at hinarap ang dalawa na gulat na napatingin sa kanya.

“Hi, Boss,” naunang bati ni Simon. Pinagmasdan lang niya ito. “N-nag-dinner lang kami.”

Medyo defensive ang tono ng lalaki at gusto niyang matawa. Ano ba ang tingin nito sa kanya, tatay ng date nito?

Tiningnan lang siya ni Riri with matching taas ng kilay, parang sinabing “*Bakit, may reklamo ka?*”

“Gusto ko lang ipaalala na alas ocho ang meeting natin bukas,” aniya. “And being managers, I trust you will be there tomorrow on time. I’m also expecting that tonight, you’re going to at least read the studies I made so we can talk about it tomorrow.”

“Ah yes, Boss. Babasahin ko ngayong gabi bago ako matulog,” sagot ng lalaki, mukha namang tinablan ng pang-iintimidate niya. “Sige, Boss,

uuwi na ako. See you tomorrow, Ri.” Pagkatapos, nagmadali na itong lumakad patungo sa elevator door sa floor na iyon.

Binalingan niya si Riri pero pinaikutan lang siya nito ng bilog ng mga mata. May ibinulong ito pero hindi niya narinig nang buo. “... god complex.”

Kinunotan niya ito ng noo. “Are you saying I have god complex?”

Inirapan siya ng babae. “Hindi po, Sir. S’abi ko lang, genius ka. ’Bye, see you tomorrow.”

Wala anumang pumasok ito sa pad nito. Kumaway ito habang pilit na nakangiti saka isinara ang pinto.

Iniwan talaga siya nang ganoon lang? Sarap talagang awayin ng Restituta na iyon.

Minabuti niyang tapusin na ang ginagawang pagbabasa at magpahinga na. Hinanda niya ang mga gagamitin sa sidetable sa kama niya saka itinaas ang laylayan ng kanang pajamas.

Lumantad ang metal na prosthetic leg mula sa gitna ng binti hanggang sa paa. Inalis niya iyon at nilinis gamit ang alcohol at malinis na tela, bago ipinatong sa tabi ng kama.

Salamat sa technology at sa pera ng nanay niya, kaunting-kaunting uncomfot lang ang dulot

niyon sa kanya kumpara sa tunay na binti. He could function like a person with normal legs.

Pagkatapos, humiga na siya sa kama at nagpaantok.